


Estratehiyang visual thinking sa pagtuturo ng Filipino at kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula

Ortigueras, Janine L. 

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus, Philippines (janine.ortigueras@deped.gov.ph)

Received: 31 March 2024

Available Online: 5 May 2024

Revised: 28 April 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24804

Accepted: 5 May 2024

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The problem of enticing students to think and actively engage in teaching Filipino and their low level or proficiency in student writing skills is caused by the traditional teaching methods in the classroom. Therefore, this study was conducted to determine the level of acceptance of the visual thinking strategy in teaching Filipino and the writing skills of film reviews. The descriptive-experimental research design method was used with fifty (50) students from the eighth grade of a public secondary school in the division of san pablo who needed improvement using the visual thinking strategy through the purposive sampling technique. Meanwhile, it has been proven that the use of the visual thinking strategy was effective in improving the level of film review writing skills based on the format of summary, character commentary, cinematography, and overall lesson or message, and based on the mechanisms of correct use of punctuation, the correct spelling of words, correct use of capitalization, and correct use of words. to further deepen the study's results and prove its effectiveness, the researcher suggests using various films and employing qualitative methods that utilize modern technology to stimulate interest and further enhance the ability to write a film review.

Keywords: estratehiyang visual thinking, pagtuturo, Filipino, kakayahan sa pagsulat, suring-pelikula

Estratehiyang visual thinking sa pagtuturo ng Filipino at kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula

1. Abstrak

Ang suliranin na mahikayat ang mga mag-aaral na mag-isip at maging aktibo sa pagtuturo ng Filipino at mababang antas o kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay dahilan sa nakasanayan na pamamaraan o tradisyunal na pagtuturo sa klase. Kaya ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang antas ng pagtanggap sa Estratehiyang Visual Thinking sa Pagtuturo ng Filipino at Kakayahan sa pagsulat ng suring pelikula. Ginamit ang Descriptive Experimental Research Design na pamamaraan sa limampung (50) mag-aaral sa ikawalong baitang ng isang pampublikong pangsekundaryang paaralan sa dibisyon ng San Pablo na kung saan sila ang nangangailangan ng pagpapabuti gamit ang estratehiyang visual thinking gamit ang Purposive Sampling Technique. Samantala, napatunayan na naging epektibo ang paggamit ng Estratehiyang Visual Thinking upang mapataas ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa pormat na Buod, Puna sa Tauhan, Sinematograpiya at Kabuoang Aral o Mensahe at batay sa mekanismo na Wastong gamit ng Bantas, Wastong Baybay ng mga Salita, Wastong Gamit ng Malaki at Maliit na Titik at Wastong Gamit ng mga Salita. Upang mas mapalalim ang resulta ng pag-aaral at mapatunayang epektibo ito ay iminumungkahi ng mananaliksik na gumamit ng iba't ibang pelikula at bigyang pansin ang kwalitatibong pamamaraan kung saan gumagamit ng makabagong teknolohiya nang sa gayon ay mapukaw ang interes at mapataas pa ang kakayahan sa pagsulat ng isang suring-pelikula.

2. Introduksyon


Sa kasalukuyan, nabibilang ang mga mag-aaral sa ikadalawampu't isang siglo kung saan nabubuhay sa biswal na mundo na patuloy na napaliligiran ng biswal, teknolohiya at mga sistemang pang-edukasyon, pangkalahatan man ito o pandalubhasa. Batay sa iba't ibang pag-aaral, 75 bahagdan na nakaimbak at naproseso ng ating isip ay mula sa mga biswal na pormat o mga bagay na ating nakikita. Higit na mauunawaan at matatandaan ng mga bata ang lahat ng impormasyon na kanilang natatanggap kung ito ay kanilang nakikita. Ayon sa pananaliksik na isinasagawa nina Hamad, et al (2015), napag-alaman na talagang nakakatulong ang biswal na larawan bilang parte ng pamamaraan nang pagtuturo upang hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip at maging aktibo sa isang klase. Nakita rin sa kanilang pag-aaral na 70% na mga estudyante at guro ay inaamin na nakakatulong ang biswal na larawan upang mabigyang linaw ang isang paksang aralin.

Maaring gamiting estratehiya ng guro ang mga nabanggit na paraan upang mas matandaan ng mga mag-aaral ang mga impormasyon na kanilang natatanggap na madali rin namang maunawaan. Batay sa iba't ibang pag-aaral, mas naaalala nang husay ng mga bata ang impormasyon kung ito ay inilahad sa paraang biswal at may paliwanag. Ang mga estratehiyang ito ay nakatutulong sa lahat ng antas ng mag-aaral nang sa gayon ay mas mapagbuti at mapaghusay ang mga layunin sa pagtuturo sa lahat ng asignatura. Dahil dito mas mapapataas ang kalidad ng pag-aaral at makrong kasanayan lalong higit sa paraan ng pagsulat.

Ang *stratehiyang visual thinking* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na lumikha ng larawan sa kanilang isip na isang istilo ng pag-aaral kung saan mas nauunawaan at napapanatili ang impormasyon at napag-uugnay-ugnay ang mga ideya, salita at konsepto ng mga larawan. Ang *Visual Thinking Strategies* ay ipinapakita sa pamamagitan ng iba't ibang proseso sa pagtuturo ng Filipino tulad ng Pagtingin, Presentasyon, Pagtalakay, Pagpidbak, Pakikinig at Paglikha.


Balangkas Teoretikal - Ibatatay ang pag-aaral na ito sa "*Cognitive Theory of Multimedia*" teorya ni Mayer (1947) higit na mauunawaan at natuto ang mag-aaral kung ang mga pinapakita na presentason ay *video* o *film* na kinapapalooban ng mga salita, ito man ay sa paraang pasulat o pasalita at ng larawan, ito man ay gumagalaw o

hindi. Napag-alamanan na ang mga mag-aaral ay napupukaw ang atensyon at higit sa lahat ay natututo sa aralin sa pamamagitan ng panonood ng *video* o *film*.



Pigura 1. Ipinapakita sa figura 1 ang teoryang salalayan ng pag-aaral.

Paradima ng Pag-aaral



Pigura 2. Ang Malaya at di-malayang baryabol ng pag-aaral

Paglalahad ng Suliranin - Nilayong sagutin ng mananaliksik ang susumusunod na mga suliranin:

- Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa estratehiyang *visual thinking* batay sa: Pagtingin; Presentasyon; Pagtalakay; Pagpidbak; Pakikinig; at Paglikha?
- Ano ang kakayahan ng mga tagasagot sa pauna at panapos na pagsulat ng suring-pelikula gamit ang estratehiyang *visual thinking* sa pagtuturo?
- May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng kakayahan ng mga tagasagot sa pagsulat ng suring-pelikula bago at pagkatapos gamitin ang *stratehiyang visual thinking*?

Hinuha

- Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng suring-pelikula bago at pagkatapos gamitin ang *stratehiyang visual thinking*.

3. Materyales at Metodo

Disenyo ng Pananaliksik - Ang pananaliksik ay nilapatan ng *Descriptive Experimental Research Design* na pamamaraan upang mailarawan ng detalyado ang suliranin at mas madaling makuha ang mga kinakailangang datos mula sa maraming bilang ng mga tagasagot. Ang paraang ito ay naging akma o angkop sa pangangailangan ng pag-aaral upang malaman ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa *stratehiyang visual thinking* batay sa: Pagtingin, Presentasyon, Pagtalakay, Pagpidbak, Pakikinig at Paglikha at makita ang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga tagasagot sa pagsulat ng suring-pelikula bago at pagkatapos gamitin ang *stratehiyang visual thinking*.

Tagasagot ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa

estrategiyang visual thinking batay sa: Pagtingin, Presentasyon, Pagtalakay, Pagpidbak, Pakikinig at Paglikha at makita ang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga tagasagot sa pagsulat ng suring-pelikula bago at pagkatapos gamitin ang *estrategiyang visual thinking*. Ang mga datos sa pananaliksik na ito ay magmumula sa mga piling mag-aaral na nasa ikawalong baitang ng San Pablo City Integrated High School.

Instrumentasyon - Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng talatanungan o *printed survey questionnaires* sa pangangalap ng mga datos. Ang mga talatanungan ay ipinamahagi limampung (50) mag-aaral na nabibilang sa ikawalong baitang ng San Pablo City Integrated High School. Ang talatanungan ay binubuo ng animnapu (60) na katanungan na dumaaan sa *pilot testing* upang masiguro ang *reliability* nito at kung may *consistency* ang ginawang talatanungan. Gamit ang *Cronbach Alpha*, karamihan sa mga katanungan ay natanggal at narebisa. Mula sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa *estrategiyang visual thinking* batay sa: **Pagtingin**, nakakuha ito ng resulta na 0.668 (*Acceptable*), sa **Presentasyon** naman ay nakakuha ng resulta na 0.625 (*Acceptable*), sa **Pagtalakay** ay 0.651 (*Acceptable*), sa **Pagpidbak** ay 0.650 (*Acceptable*), sa **Pakikinig** ay 0.613 (*Acceptable*), at **Paglikha** na 0.699 (*Acceptable*).

4. Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito, tinalakay at binigyang-kahulugan ang mga datos na nakalap mula sa pananaliksik.

Talahanayan 1

Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Estrategiyang Visual Thinking batay sa Pagtingin

Indikeytors	Mean	SD	Verbal Interpretation
1. Nakapagbigay ng impormasyon tungkol sa aralin sa pamamagitan ng mga estratehiya na ginamit ng guro.	3.96	0.20	Lubos na Tinatanggap
2. Binigyan ng pagkakataon ng guro ang lahat ng mag-aaral na makapagsuri ng mga larawan at napanood na pelikula.	3.94	0.24	Lubos na Tinatanggap
3. Malayang nakapagpahayag ng saloobin at opinyon ang mga mag-aaral batay sa mga ginamit na larawan ng guro.	3.86	0.35	Lubos na Tinatanggap
4. Nagpanood ng pelikula ang guro upang matutong magsuri ng pelikula.	3.90	0.36	Lubos na Tinatanggap
Overall	3.92	0.14	Lubos na Tinatanggap

Pananda: 1.00-1.49 (Di Katanggap-Tanggap) 1.50-2.49 (Di Gaanong Tinanggap) 2.50-3.49 (Tinatanggap) 3.50-4.00 (Lubos na Tinatanggap)

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng kabuoan na ang Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa *Estrategiyang Visual Thinking* batay sa Pagtingin ay Lubos na Tinatanggap na may mean na 3.92 at standard deviation na 0.14. Ibig sabihin nito na ang larawan na inilahad at mga pelikulang pinapanood ay lubos na sinang-ayunan ng mga tagasagot dahil nakakatulong ang mga ito upang mapagyabong ang kanilang kaisipan at matutong tingnan ang mga bagay ng mas malalim upang makapaglahad ng impormasyon na kakailanganin at magagamit nila sa paksang-aralin.

Ang talahanayan 2 sa itaas ay ang kabuoan na Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa *Estrategiyang Visual Thinking* batay sa Presentasyon na may mean na 3.81 at standard deviation na 0.17 ay Lubos na Tinatanggap. Nangangahulugan ito na ang ginawang presentasyon ng guro sa unahan ay nagbukas ng bagong oportunidad para mga mag-aaral na matuto at mag-aral. Bukod sa pagsasalita sa unahan tungkol sa aralin, maigi itong samahan ng mga larawan na magbibigay buhay para sa paksang aralin. Mas nauunawaan ng mga estudyante ang mga aralin kapag ito ay kanilang nakikita.

Talahanayan 2

Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Estratehiyang Visual Thinking batay sa Presentasyon

Indikeytors	Mean	SD	Verbal Interpretation
1.Nagbigay ng pamantayan ang guro para sa malayang talakayan.	3.82	0.39	Lubos na Tinatanggap
2. Nauunawaan ang mga aralin na ibinahagi sa klase.	3.92	0.27	Lubos na Tinatanggap
3.May kalidad ng boses ang pagpapahayag sa unahan.	3.74	0.44	Lubos na Tinatanggap
4.Tamang bigkas ng mga salita ang namumutawi sa bibig.	3.76	0.43	Lubos na Tinatanggap
Overall	3.81	0.17	Lubos na Tinatanggap
Pananda: 1.00-1.49 (Di Katanggap-Tanggap) 1.50-2.49 (Di Gaanong Tinanggap) 2.50-3.49 (Tinatanggap) 3.50-4.00 (Lubos na Tinatanggap)			

Talahanayan 3

Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Estratehiyang Visual Thinking batay sa Pagpidbak

Indikeytors	Mean	SD	Verbal Interpretation
1. Pagbibigay nang maayos na kritik sa mga saloobin at reaksyon ng mag-aaral tungkol sa paksang pinag-usapan.	3.90	0.30	Lubos na Tinatanggap
2.Tinulungan ang mga mag-aaral na makabuo ng sariling opinyon upang makapagpahayag ng kanyang ideya sa klase.	3.84	0.37	Lubos na Tinatanggap
3.Nagmungkahi nang maayos na puna upang mapabuti ang paglalahad ng ideya ng mga mag-aaral.	3.86	0.35	Lubos na Tinatanggap
4. Napagsama-sama ng guro lahat ng nakuhang opinyon ng mga bata at nakakabuo ng makabuluhang paliwanag sa paksa.	3.76	0.43	Lubos na Tinatanggap
Overall	3.83	0.13	Lubos na Tinatanggap
Pananda: 1.00-1.49 (Di Katanggap-Tanggap) 1.50-2.49 (Di Gaanong Tinanggap) 2.50-3.49 (Tinatanggap) 3.50-4.00 (Lubos na Tinatanggap)			

Malinaw na pinapakita sa talahanayan 3 ang kabuoan na Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa Pagpidbak kung saan ito ay Lubos na Tinatanggap na may mean na 3.83 at standard deviation na 0.13. Ibig sabihin nito na lubos ang naging pag-sang-ayon ng mga tagasagot o mag-aaral sa kahuyasan at kakayahan ng guro magbigay ng kasagutan para sa mga katanungan at pananaw ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, nakakapagbigay ng magandang ideya ang guro tungkol sa aralin sa pamamagitan nang paglinaw at paglutas ng mga bagay na nagdudulot ng kalituhan sa mga tagasagot o mag-aaral.

Talahanayan 4

Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Estratehiyang Visual Thinking batay sa Pagtalakay

Indikeytors	Mean	SD	Verbal Interpretation
1. Tinulungan ng guro na malayang nasasambit ang intelektwal na opinyon ng isang mag-aaral sa isang bagay sa harap ng karamihan.	3.74	0.44	Lubos na Tinatanggap
2.Paggamit ng ekspresyon ng mukha upang maihatid ang mensahe sa pangkahalatan.	3.78	0.42	Lubos na Tinatanggap
3.Naibahagi ang pagkakaroon ng malawak na imahinasyon na nagpapalalim ng kaisipan.	3.76	0.43	Lubos na Tinatanggap
4.Pinalawak ang bokabularyo ng mag-aaral sa napanood na pelikula.	3.94	0.24	Lubos na Tinatanggap
Overall	3.81	0.14	Lubos na Tinatanggap
Pananda: 1.00-1.49 (Di Katanggap-Tanggap) 1.50-2.49 (Di Gaanong Tinanggap) 2.50-3.49 (Tinatanggap) 3.50-4.00 (Lubos na Tinatanggap)			

Tinatanggap)

Ang talahanayan 4 sa itaas ay maayos at malinaw na ipinapakita ang kabuoan na Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa Pagtalakay, ito ay Lubos na Tinatanggap na may *mean* na 3.81 at *standard deviation* na 0.14. Ibig sabihin nito na lubos ang naging pag-sang-ayon ng mga tagasagot sa estilo ng pagpapaliwanag ng guro sa unahan tungkol sa isang aralin sapagkat pinapalawak nito ang imahinasyon at kaalaman ng mga ito sa pamamagitan ng pagtatanong at pagkakaroon ng malayang talakayan.

Talahanayan 5

Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Estratehiyang Visual Thinking batay sa Pakikinig

Indikeytors	Mean	SD	Verbal Interpretation
1. Bukas na nakinig ang guro sa pagbibigay ng ideya ng mga mag-aaral.	3.74	0.44	Lubos na Tinatanggap
2. Nakapagbigay ng inspirasyon sa isang grupo.	3.78	0.42	Lubos na Tinatanggap
3. Naisaalang-alang ang pananaw at damdamin ng tagapagpahayag.	3.76	0.43	Lubos na Tinatanggap
4. Nailatag ang mga ideya na may kaakibat na patunay.	3.94	0.24	Lubos na Tinatanggap
5. Nakatulong sa mga mag-aaral na mapagbuti ang paraan ng pangangatwiran at pagdedesisyon sa isang paksa.	3.83	0.35	Lubos na Tinatanggap
Overall	3.81	0.14	Lubos na Tinatanggap
Pananda: 1.00-1.49 (Di Katanggap-Tanggap) 1.50-2.49 (Di Gaanong Tinanggap) 2.50-3.49 (Tinatanggap) 3.50-4.00 (Lubos na Tinatanggap)			

Ang talahanayan 5 sa ibaba ay nagpapakita ng kabuoan na Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa Pakikinig kung saan ito ay Lubos na Tinatangap na may *mean* na 3.81 at *standard deviation* na 0.14. Ibig sabihin nito ay na nakakatulong ang instrumento ng guro sa pagpapakilala ng bagong kaalaman para sa mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang pagkukwento ng guro, at ang pagbabasa ng ilan sa mga kamag-aral ang nakapagbigay daan sa mga estudyante na maintindihan ang paksang-aralin na tinatalakay ng may akda nang mas madali. Nagagamit ang kanilang kakayahan sa pakikinig na nagsisilbing pamamaraan nila upang maintindihan at magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa paksang-aralin.

Talahanayan 6

Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Estratehiyang Visual Thinking batay sa Paglikha

Indikeytors	Mean	SD	Verbal Interpretation
1. Natulungan na mailahad sa paraang pasalita at pasulat ang paghahalayhay ng ideya.	3.76	0.43	Lubos na Tinatanggap
2. Nakatuklas ng bagong ideya sa bilang bahagi ng pangkat.	3.82	0.39	Lubos na Tinatanggap
3. Malayang binigyan na makiisa ang mga mag-aaral sa talakayan.	3.78	0.42	Lubos na Tinatanggap
4. Nabigyang pagpapahalaga ang mga nabuong ideya.	3.82	0.39	Lubos na Tinatanggap
5. Naiugnay ang natutunang aralin sa pang-araw araw na buhay.	3.84	0.37	Lubos na Tinatanggap
Overall	3.80	0.12	Lubos na Tinatanggap
Pananda: 1.00-1.49 (Di Katanggap-Tanggap) 1.50-2.49 (Di Gaanong Tinanggap) 2.50-3.49 (Tinatanggap) 3.50-4.00 (Lubos na Tinatanggap)			

Nagpapakita ang Talahanayan 6 ng kabuoan na Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa Paglikha, ito ay Lubos ng Tinatanggap na may *mean* na 3.80 at *standard deviation* na 0.12. Nangangahulugan ito na ang mga estilong ginamit bilang instrumento ay nagtataglay ng magandang epekto para malaman at pahalagahan nila ang bawat aralin na tinatalakay. Dagdag pa, nagkakaroon ang mga mag-aaral

ng kaalaman na magagamit nila sa pang habang buhay at makakatulong na baguhin at pagyabungin pa ang kanilang mga sarili.

Talahanayan 7

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa Pormat sa Buod

Iskor	Buod				Interpretasyon
	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	4	8	37	74	Napakahusay
8	5	10	13	26	Mahusay
6	17	34	--	--	Kasiya-siya
0-4	24	48	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Naglalaman ang Talahanayan 7 ng antas ng kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula ng mga tagasagot bago at pagkatapos ilapat ang *estratehiyang visual thinking* batay sa pormat sa buod. Mula sa limampung (50) mga tagasagot, dalawampu't apat 24 o 48% mula sa kabuoang bilang ang pinakamaraming nakakuha ng markang "0-4" na may interpretasyong "Nangangailangan ng Pagpapabuti." Ito ay indikasyon na higit na dami o kulang-kulang kalahati ng mag-aaral ang wala pang masyadong kasanayan at kaalaman pagdating sa pagsulat ng buod ng isang pelikula. Nangangahulugan ito na halos walang kabuluhan at walang mahahalagang detalye ang isinulat ng mga mag-aaral.

Makikita sa figyur sa ibaba ang halimbawang awtput ng unang (1) mag-aaral na nagpapatunay ng pangangailangan sa pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa buod.




Figura 3. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 1

Taglay din sa Talahanayan 7 ang pagpapakita ng resulta ng kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula ng mga tagasagot pagkatapos ilapat ang *estratehiyang visual thinking* batay sa pormat sa buod. Makikita dito na tatlumput pito 37 o 74% ng kabuoang tagasagot ang nakakuha ng pinakamaring markang "10" na may interpretasyong "Napakahusay." Pagpapatunay ito na tumaas ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula ng mga mag-aaral batay sa buod matapos ilapat ng guro ang *estratehiyang visual thinking*. Nangangahulugan ito na may angkop na kasanayan at kaalaman na ang mga mag-aaral sa pagsulat ng buod at naibibigay na nila ang lahat ng mahahalagang detalye sa isang pelikula na may kabuluhan at masasabing tama.

Makikita sa figyur sa ibaba ang halimbawang awtput ng unang(1) mag-aaral na nagpapatunay ng pag-unlad

sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa buod.




Figura 4. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 2

Tumutugma ito sa resulta ng pag-aaral ni Maligalig (2021), na gumamit din ng isang pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo sa Filipino at iniugnay sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyon. Lumabas na bago at matapos gamitin sa mga mag-aaral ang pamamaraan o estratehiya ay nagkaroon ng pagkakaiba sa resulta ng ginawang pauna at panapos na pagsulat ng komposisyon. Tumaas ang naging kasanayan sa pagsulat sa panapos na pagsusulit at nakakuha ng interpretasyong "napakahusay kumpara sa unang resulta na "may katamtamang husay sa panahong hindi pa inilalapat o isinasagawa sa mga mag-aaral ang pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo.

Talahanayan 8

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos

Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa Pormat sa Puna sa Tauhan

Iskor	Puna sa Tauhan				Interpretasyon
	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	--	--	34	68	Napakahusay
8	3	6	16	32	Mahusay
6	19	38	--	--	Kasiya-siya
0-4	28	56	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Makikita sa Talahanayan 8 ang kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula ng mga tagasagot bago at pagkatapos ilapat ang *estrategiyang visual thinking* batay sa pormat sa Puna sa Tauhan. Mula sa kabuoang bilang na limampung (50) mga tagasagot, dalawampu't walo 28 o 56% ang may pinakamaraming nakakuha ng markang "0-4" na may interpretasyon na "Nangangailangan ng Pagpapabuti." Ibig sabihin, mahigit sa kalahati ng mga tagasagot ang hindi nakapagtamo ng ninanais ng kanilang guro. Hindi umaangkop sa kilos at pananalita ang mga tauhan na nilapat ng mga mag-aaral sa katauhang ginagampanan sa pelikula. Hindi rin nabigyang pagpapaliwanag ang gampanin ng bawat tauhan gayundin ang sariling pananaw o opinyon na maaaring maiugnay sa realidad ng buhay.

Makikita sa figyur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikalawang (2) mag-aaral na nagpapatunay ng pangangailangan ng pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa puna sa tauhan.




Figura 5. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 3

Makikita sa figur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikalawang (2) mag-aaral na nagpapatunay ng pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa puna sa tauhan.




Figura 6. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 4

Sa pag-aaral pa rin nina Jitao Sang at Changsheng, 2010, isinama ng mga mananaliksik ang iskrip sa pagsusuri ng pelikula at nagmumungkahi ng isang nobelang *character-based* sa pagbubuo ng pelikula, na pinatunayan ng modernong teorya ng pelikula na ang talagang nakakakuha ng atensyon ng mga manonood ay ang karakter. Batay sa kanilang pag-aaral, unang pinagtuunan ng pansin ang mga eksena sa pelikula sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaayos ng iskrip. Pagkatapos nito ay isinagawa ang *substory* at sinuri ang eksena kung saan kabilang ang mga tagaganap. Dahil sa istruktura at nilalaman ng pelikula, pinagbatayan ang anggulo o kuha ng kamera at eksena upang maging pamantayan sa pagbuo ng buod ng pelikula. Naging epektibo ang pagsusuri ng karakter para sa pagbubuo ng pelikula at pag-unawa sa nilalaman ng nito. Kaugnay ng kanilang pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral ng mananaliksik, mas nakapagsusuri o nakapagbibigay ng puna sa tauhan ang mga mag-aaral kung nauunawaan nila ang takbo ng kuwento sa pamamagitan ng pagbubuo. Dahil dito, mas tumaas ang kanilang iskor sa panapos na pagsulat kumapara sa paunang pagsulat.

Talahanayan 9

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos

Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa pormat sa Sinematograpiya

Iskor	Sinematograpiya				Interpretasyon
	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	--	--	36	72	Napakahusay
8	--	--	14	28	Mahusay
6	17	34	--	--	Kasiya-siya
0-4	33	66	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Makikita sa Talahanayan 9 ang Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago

at Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa pormat sa Sinematograpiya. Mula sa kabuoang bilang na limampung (50) mga tagasagot, tatlumpu't tatlo 33 o 66% ang may pinakamaraming nakakuha ng markang "0-4" na may interpretasyon na "Nangangailangan ng Pagpapabuti." Nangangahulugan ito na mahigit kalahati ng mag-aaral nakapagtamo ng mababang iskor at hindi nasunod ang mga hinihingi ng guro. Hindi naipakita ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusuri ang paglalarawan ng mga pag-iilaw, editing, komposisyon, galaw, teknik ng kamera, tunog at musika sa napanood. Dagdag pa rito, walang sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng kritik tungkol sa sinematograpiya sapagkat hindi pa nila tukoy ang kahulugan nito.

Makikita sa figur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikatlong (3) mag-aaral na nagpapatunay ng pangangailangan ng pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa sinematograpiya.




Figura 7. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 5

Taglay din sa Talahanayan 9 ang papakita ng resulta ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa pormat sa Sinematograpiya. Mula sa kabuoang bilang na limampung 50 mga tagasagot, tatlumpu't anim 36 o 72% na mga tagasagot ang nakakuha ng pinakamaraming marka na "10" na may interpretasyon na "Napakahusay." Indikasyon ito na tumaas o dumami ang bilang ng mag-aaral ang nagkaroon ng sapat na kakayahayan at kaalaman tungo sa wastong pagsulat ng suring-pelikula batay sa sinematograpiya. Nangangahulugan ito na lubos ang pag-sang-ayon sa paglalarawan ng mga mag-aaral sapagkat natutunan na nila ang pagsusuri ng pag-iilaw, editing, komposisyon, galaw, teknik ng kamera, tunog at musika na napansin nila sa pelikula.

Makikita sa figur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikatlong (3) mag-aaral na nagpapatunay ng pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa puna sa tauhan.




Figura 8. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 6

Kaugnay sa pag-aaral ni Sudarman et al. (2022) natukoy ang ilang mahahalagang aspeto na maaaring makaimpluwensya sa kalidad ng sinematograpiya, kabilang ang komposisyon, liwanag at kulay, paggalaw at

pagkukuwento. Magiging mas maganda ang *cinematography* ng isang pelikula kung ang lahat ng aspetong ito ay matutupad at kakabisado ng isang *cinematographer*. Ang *cinematography* ay hindi lamang tungkol sa mga *tool* tulad ng mga *camera*, *crane* o anumang bagay, ngunit ang konsepto ng *cinematography* ang talagang gustong ihatid ng *filmmaker*. Mula sa pag-aaral na ito, iniugnay ng mananaliksik ang pag-aaral sa pamamagitan ng malawak na pagpapaliwanag ng sinematograpiya at ang kahalagahan nito sa pagbuo ng pelikula sa kanyang mga mag-aaral. Nang sa gayon, malawak nilang mapapaliwanag o mabibigyang puna ang pagsulat ng sinematograpiya mula sa pelikulang napanood.

Talahanayan 10

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos

Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa pormat sa Kabuoang Mensahe o Aral

Iskor	Kabuoang Mensahe o Aral				Interpretasyon
	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	--	--	39	78	Napakahusay
8	3	6	11	22	Mahusay
6	18	36	--	--	Kasiya-siya
0-4	29	58	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa pormat sa Kabuoang Mensahe o Aral. Mula sa kabuoang bilang na limampung (50) mga tagasagot, dalawampu't siyam 29 o 58% ang may pinakamaraming nakakuha ng markang “0-4” na may interpretasyon na “Nangangailangan ng Pagpapabuti.” Pinapakita ng datos na higit sa kalhati ng mga tagasagot ang hindi nakapagtamo ng magandang iskor marahil sa hindi wasto ang mga nilalaman ng kanilang pagsusuri. Walang ipinahayag na aral, mensahe, kaisipan, pananaw at saloobin tungkol sa kabuoan ng pelikula.

Makikita sa figyur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikaapat na (4) mag-aaral na nagpapatunay ng pangangailangan ng pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa kabuoang mensahe o aral.




Figura 9. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 7

Makikita rin sa Talahanayan 10 ang mga resulta ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa pormat sa Kabuoang Mensahe o Aral. Mula sa kabuoang bilang na limampung (50) mga tagasagot, tatlung siyam 39 o 78% na mga tagasagot ang nakakuha ng pinakamaraming marka na “10” na may interpretasyon na “Napakahulugan ito na may magandang pagbabago sa pagsusuri ng pelikula ng mga mag-aaral batay sa pagkuha ng kabuoang mensahe o aral nito. Napag-alaman sa kanilang pagsusuri ay naglalaman ito ng mga makabuluhang impormasyon na

wasto sa hinihingi ng guro. Kagaya ng malinaw na aral, mensahe, kaisipan, pananaw at saloobin tungkol sa kabuoan ng pelikula.

Makikita sa figur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikaapat na (4) mag-aaral na nagpapatunay ng pag-unlad sa pagsulat ng suring-pelikula batay sa kabuoang mensahe o aral.




Figura 10. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral 8

Mula sa pag-aaral nina Bejo Sutrisno at Rizha Wijyaningdyah (2018), ang moral na halaga ay isa sa mga pangunahing aspeto na lumilitaw sa pelikula. Ang moral na halaga sa pelikula ay gumagawa ng isang halimbawa sa buhay ng tao sa katotohanan. Ang kahalagahan ng mga pagpapahalagang moral sa ating buhay ay kung paano matutunan ang mga naging karanasan at magpatuloy sa buhay. Ang bawat tao ay dapat magkaroon ng *moral values* at hindi dapat sumuko kung siya ay mga suliranin na kinakaharap sa buhay. Ang bawat isa ay dapat pa maging positibo ang pananaw upang maipagpatuloy mga pangarap at maaaring maging isang katotohanan at tulungan ang bawat isa sa pagkamit ng mga pangarap. Kaugnay ng pag-aaral ng mananaliksik, naipapakita ng mga mag-aaral ang kabuoang mensahe o aral sa pelikula gayundin ang pag-uugnay nila nito sa totoong karanasan ng buhay ng tao.

Talahanayan 11

Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa Mekanismo sa Wastong Gamit ng Bantas

	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	1	2	31	62	Napakahusay
8	8	16	19	38	Mahusay
6	16	32	--	--	Kasiya-siya
0-4	25	50	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Makikita sa Talahanayan 11 ang Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa mekanismo sa Wastong Gamit ng Bantas. Mula sa kabuoang bilang na limampung (50) mga tagasagot, dalawampu't lima 25 o 50% na mga tagasagot ang may pinakamaraming nakakuha ng markang "0-4" na may interpretasyon na "Nangangailangan ng Pagpapabuti." Indikasyon ito na kalahati ng kabuoan ng mag-aaral ay hindi pa gaanong kagalingan sa paggamit ng wastong bantas. Batay sa kanilang pagsusulat, may 11-15 pagkakamali ang nakita sa paggamit ng bantas sa bawat pangungusap na naging dahilan sa pagkakaroon ng mababang iskor.

Talahanayan 12

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa Mekanismo sa Wastong Baybay ng mga Salita

Iskor	Wastong Baybay ng mga Salita				Interpretasyon
	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	--	--	40	80	Napakahusay
8	4	8	10	20	Mahusay
6	23	46	--	--	Kasiya-siya
0-4	23	46	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa mekanismo sa Wastong Baybay ng mga Salita. Mula sa kabuuang bilang na limampung 50 mga tagasagot, pantay ang bilang na dalawampu't tatlo 23 o 46% na mga tagasagot ang nakakuha ng pinakamaraming markang "6" na may interpretasyong "Kasiya-siya." Indikasyon ito na ang mga mag-aaral, bagama't may pauna ng kasanayan sa pagsulat ng wastong baybay ng mga salita bago pa man gamitin ang *estratehiyang visual thinking*, mayroon pa rin ilang kamalian at mga dapat baguhin sa ilang baybay ng salita sa ibang pangungusap. Samantala, ang mga mag-aaral na nakakuha ng markang "0-4" na may interpretasyong "Nangangailangan ng Pagpapabuti" na nangangahulugan na sa kanilang suring-pelikula, may makikitang 11-15 na pagkakamali sa pagbabaybay ng mga salita sa bawat pangungusap.

Talahanayan 13

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang Estratehiyang Visual Thinking batay sa Mekanismo sa Wastong Gamit ng Malaki at Maliit na Titik

Iskor	Wastong Gamit ng Malaki at Maliit na titik				Interpretasyon
	Pre-Test		Post-Test		
	F	%	F	%	
10	--	--	34	68	Napakahusay
8	3	6	16	32	Mahusay
6	18	36	--	--	Kasiya-siya
0-4	29	58	--	--	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Total	50	100	50	100	

Makikita sa Talahanayan 13 ang Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Ilapat ang *Estratehiyang Visual Thinking* batay sa mekanismo sa Wastong Gamit ng Malaki at Maliit na Titik. Mula sa kabuoang bilang na limampung (50) mga tagasagot, dalawampu't siyam 29 o 58% na mga tagasagot ang may pinakamaraming nakakuha ng markang "0-4" na may interpretasyon na "Nangangailangan ng Pagpapabuti." Ibig sabihin, mahigit kalahati ng mga tagasagot ang hindi masyadong kagalingan kung kailan gagamitin ang malaki at maliit na titik sa pangungusap. Dagdag pa rito, may natagpuan 11-15 pagkakamali sa

Makikita sa figur sa ibaba ang halimbawang awtput ng ikalimang (5) mag-aaral sa panapos na pagsulat batay sa mekaismo.




Figura 12. Halimbawang Awtput ng Mag-aaral

Talahanayan 15

Makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga tagasagot sa pagsulat ng suring-pelikula bago at pagkatapos gamitin ang Estratehiyang Visual Thinking

		Pre-Writing		Post-Writing		t	df	Sig (2-tailed)
		Mean	Std. Deviation	Mean	Std. Deviation			
Kakayahan sa Pagsulat ng Suring-Pelikula batay sa Pormat	Buod	5.08	2.59	9.48	0.89	-11.881	49	.000
	Puna sa Tauhan	4.76	1.71	9.36	0.94	-16.347	49	.000
	Sinematograpiya	4.20	1.82	9.44	0.91	-17.364	49	.000
	Kabuoang Mensahe o Aral	4.48	2.04	9.56	0.84	-16.449	49	.000
Mekanismo batay sa Pormat	Wastong gamit ng bantas	5.24	1.93	9.24	0.98	-12.572	49	.000
	Wastong baybay ng mga salita	5.24	1.27	9.60	0.81	-22.316	49	.000
	Wastong gamit ng malaki at maliit na titik	4.96	1.23	9.36	0.94	-19.881	49	.000
	Wastong gamit ng mga salita	4.92	1.35	9.56	0.84	-20.665	49	.000

Matutunghayan sa Talahanayan 15 ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng suring-pelikula bago at pagkatapos gamitin ang Estratehiyang Visual Thinking na may p-value

na .000.

Ang unang kasanayan sa pagsulat ng suring-pelikula ay ang paggawa ng buod na may mean 5.08 at standard deviation na 2.59 sa paunang pagsulat, mean na 9.48 at standard deviation na 0.89 naman sa pangwakas na pagsulat. Ipinakikita rin na may t-value na -11.881 at p value na 0.000 na higit na mababa sa “*level of significance*” na 0.05 kaya’t nangangahulugang naging epektibo ang sa *Estratehiyang Visual Thinking* sa pagtuturo ng Filipino at pagsulat ng suring-pelikula. Mula sa hindi komprehensibo at kakulangan sa pagsulat ng buod ay nagkaroon ng pag-unlad at naging detalyado ang mga impormasyon.

5. Konklusyon

Batay sa suliranin at katanungang inilahad sa pag-aaral, ang mga sumusunod ang naitalang konklusyon ng mananaliksik.

- Lubos na sinang-ayunan ng mga mag-aaral na higit na nakatulong ang paggamit ng *Estratehiyang Visual Thinking* sa Pagtuturo ng Filipino.
- May sapat na ebidensya upang hindi suportahan ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba kung kaya nman ang hinuha ay hindi maaring tanggapin.

5.1 Rekomendasyon

- Iminumungkahi ng mananaliksik na ipagpatuloy ang paggamit ng estratehiyang visual thinking sa pagtuturo ng Filipino at gumamit ng mga larawan mula sa pelikula na may iisang katagorya o tema lamang tulad ng tungkol sa pamilya, sa tagumpay o sa pagsasakripisyo.
- Para sa mga susunod na mananaliksik, pumili ng dalawa o tatlong “indie films” o kaya naman ay “short films” upang mas mapagyabong pa ang kakayahan sa pagsulat ng suring-pelikula. Palawakin at dagdagan pa ang kaalaman sa pagdalo ng palihan na may kinalaman sa mga estratehiya sa pagtuturo at kakayahan sa pagsulat upang maging epektibo at kawili-wili ang paraan ng pagtuturo ng guro. Maging handa at manabik sa mga pagbabago sa pamamaraan ng pagtuturo sa hinaharap.

6. Referensya

- Ahmad, I., Saeed, M., & Salam, M. (2013). Effects of Corrective Feedback on Academic Achievement of Students: Case of Government Secondary Schools in Pakistan. *International Journal of Science and Research*, 2(1), 36-40.
- Ahmad S. et.al (2019). Path Relationship of Time Management and Academic Achievement of Students in Distance Learning Institutions.
- Alharbi, F. (2015). Writing for learning to improve students’ comprehension at the college level. *English Language Teaching*, 8(5), 222–234. doi:10.5539/eltv8n5p222
- Allah, A. & Khan, M. (2016). The Impact of Open Discussion Sessions on Enhancing the Oral Communicative Abilities of Saudi English Language Majors at Buraydah Community College. *Canadian Center of Science and Education*. Vol. 9, No. 6; 2016
- Ansay-Villaverde et.al (2013). Kakayahan sa Pagsusuri ng Indie Film ng mga Mag-aaral sa Ikasampung Baitang.
- Aquino, John Kier (2015). Mga Elemento ng Pelikula at Gabay sa Pagsulat.
- Bashir M., Kabir R., Rahman I. (2016). The Value and Effectiveness of Feedback in Improving Students’ Learning and Professionalizing Teaching in Higher Education *Journal of Education and Practice*. Vol.7, No.16, 2016
- Buffe, F.T. “*Writing Skills of Junior High School Student of University of Saint Anthony, Iriga City, Philippines*”, Ahmad Dahlan International Conference Series on Education & Learning, Social Science & Humanities (2019)

- Canpolat, M., Kuzu, S., Yıldırım, B., & Canpolat, S. (2015). Active listening strategies of academically successful university students. *Eurasian Journal of Educational Research*, 60, 163-180. Doi: 10.14689/ejer.2015.60.10
- De Jesus, Mark Christian V. (2020). Literasiyang Pampelikula sa K-12: Pagsusuri sa Papel ng Pelikula sa Kurikulum ng Filipino sa Batayang Antas ng Edukasyon. [PASADOPRESENTATION-converted-1.pdf](#)
- DeSantis, Karin (2001) A Brief Guide to Developmental Theory and Aesthetic Development.
- Dikilitas, Kenan & Duvenci, Abdullah (2009) Using Popular Movies in Teaching Oral Skill.
- Do Thi Thu Hang & Quang D. Tran (2018) Movie Indexing and Summarization Using Social Network Techniques.
- Fauzi, Ali. (2019). The Effects of Using Visual Aids in Teaching Speaking to the Second Year Students at MTS. Ma'arif nu Tuban Academic Year 2016/2017.
- Ferrara, V. (2015). Art and Medicine: from anatomic studies to Visual Thinking Strategies.
- Green, A. (n.d.). Discussion as a teaching and learning strategy A guide for classroom teachers, teacher aides and school managers Discussion as a teaching and learning strategy.
- Green, V. (2013) Effects of Classroom Discussions on Student Performance and Confidence in the Science Classroom.
- Hamad et al. (2015). Impact of Visual Aids in Enhancing the Learning Process Case Research: District Dera Ghazi Khan. *Journal of Education and Practice*. Vol.6, No.19, 2015
- Housen, Abigail (2015). Visual Thinking Strategies.
- Housen, Abigail (2015). Art Viewing and Aesthetic Development: Designing for the Viewer.
- Ignacio, Christen Joy (2013). Mga Tuntunin sa Pagbabaybay.
- Jitao Sang & Changsheng Xu (2010) Character-based Movie Summarization.
- LumenLearning (n.d.). Benefits of Listening.
- Mayer, R. E. (2014). Cognitive theory of multimedia learning. In R.E. Mayer (Ed.), *The Cambridge handbook of multimedia learning* (pp. 43-71). Cambridge University Press.
- Sukarmin, S., Sri, P. & Novita, D. (2018). Effectivity of Interactive Multimedia and Student Activity Sheets with Writing-To-Learn (WTL) Strategy in Science Learning for Hearing Impairment Students.
- Thiyagu K. (2013). Effectiveness of Integrating Riddles in Teaching Mathematics among VIII Standard Students. *i-manager's Journal on Educational Psychology*. 6. 8-12. 10.26634/jpsy.6.2.2001
- Tyagi, B. (2013). Listening: An important skill and its various aspects. *The Criterion An International Journal in English*, 12(1), 1-8.
- University of South Carolina. (n.d.) Importance of Providing a Meaningful Student Feedback.
- Victoria (2023). Nangungunang 10 Kahalagahan ng Kasanayan sa Pagsulat.
- Wiyati R. & Marlina F. (2021). Teachers' Perception Towards the Use of Visual Learning Aid in EFL Classroom. *The Journal of English Language Teaching, Literature, and Applied Linguistics*. Volume 3, Number 1, April 2021
- Yenawin, Philip (2013). Understanding Visual Literacy: The Visual Thinking Strategies Approach.
- Yeom, Eun Young. (2018). How visual thinking strategies using picture book images can improve Korean secondary EFL students' L2 writing. *English Teaching*, 73(1), 23-47.

